



# Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad Programang Gawad

Bay Area Air Quality Management District  
(Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area)

*Mga Panuntunan ng Gawad*

Ika-29 ng Abril, 2019



BAY AREA  
AIR QUALITY  
MANAGEMENT  
DISTRICT

1. LAYUNIN NG GAWAD .....	3
2. MAHAHALAGANG PETA .....	3
3. ANO ANG AB 617? .....	4
4. SINO ANG MAAARING MAG-APPLY? .....	4
5. MGA HALAGA AT TAGAL NG GAWAD.....	5
6. ANONG URI NG GAWAIN ANG MAAARING PONDOHAN? ...	5
7. PAANO MAG-APPLY PARA SA PAGPOPONDO.....	6
8. ISUMITE ANG INYONG APLIKASYON .....	8
9. PAANO SUSURIIN ANG MGA PANUKALA? .....	9
10. KUNG MAKATANGGAP KAYO NG GAWAD .....	10

### **Makipag-ugnayan sa Amin!**

Ang mga aplikante ng gawad ay hinihikayat na talakayin ang kanilang mga aplikasyon sa gawad sa kawani ng Air District bago ang pagsusumite. Ang pangunahing matatawagan para sa Programang Gawad Para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad ay si:

**Sonam Shah-Paul**  
**Espesyalista sa Pakikibahagi ng Komunidad**  
[ab617info@baaqmd.gov](mailto:ab617info@baaqmd.gov)

1

## LAYUNIN NG GAWAD

Nag-aalok ang Bay Area Air Quality Management District (“Air District”) ng mga gawad sa mga grupo sa komunidad, asosasyon sa kapitbahayan at ibang mga lokal na non-profit na nakabatay sa komunidad para itaas ang kapangyarihan ng komunidad upang ganap na makilahok sa mga desisyon na makakaapekto sa kanilang kapaligiran at kalusugan. May kabuuang \$350,000 ang nakahanda para sa Programang Gawad para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad. Ang pinakamalaking halaga para sa isang indibidwal na gawad ay \$50,000, at dapat na kompletuhin ang mga proyekto nang hindi lalampas sa ika-31 ng Disyembre, 2020.



Dapat gamitin ang mga gawad sa pagdisenyo at pagpapatupad ng mga estratehiya na magpapaunlad sa tunay at pinalakas na pakikilahok ng komunidad sa pagpapalano ng mga gawain na magpapabuti sa kalusugan ng kapaligiran ng komunidad. Lalo na, nais naming tumulong ang mga lider ng komunidad sa pagtiyak na handa ang kanilang komunidad na makipagtulungan sa Air District sa pagbuo ng mga plano na mabawasan ang polusyon sa hangin at/o magsagawa ng pagsubaybay sa hangin, gaya ng iniaatas ng Assembly Bill 617 (AB 617). **Mangyaring basahin ang buong dokumentong ito bago punan ang aplikasyon. Hindi tatanggapin ang mga hindi kompletong aplikasyon. Inilalaan ng Air District ang karapatan na baguhin ang kahingiang ito sa tanging pagpapasiya nito.**

2

## MAHAHALAGANG PETA

MGA PETA	PAGKILOS
IKA-29 NG ABRIL, 2019	Proseso ng bukas na aplikasyon sa gawad
IKA-22 NG MAYO, 2019	Opsyonal na impormasyonal webinar
IKA-21 NG HUNYO, 2019	Takdang petsa ng mga aplikasyon sa gawad
LINGGO NG IKA-22 NG HULYO, 2019	Pag-abiso sa mga ginawaran
TAGLAGAS 2019	Pagplano at pagsasapinal ng mga kasunduan sa paggawad
TAGLAGAS 2019 - IKA-31 NG DISYEMBE, 2020	Isasagawa ng mga ginawaran ang pagkilos
IKA-31 NG ENERO, 2021	Takdang panahon ng mga panghuling invoice at mga ulat

### Impormasyonal na Webinar

Magsasagawa ang Air District ng impormasyonal na webinar sa Miyerkules, Ika-22 ng Mayo 2019 sa 3:30 PM. Sa pamamagitan ng webinar, magkakaroon ng pagkakataon ang mga inaasahang aplikante na magtanong tungkol sa programa. Ang lahat ng mga tanong at sagot ay ipapaskil sa Bonfire. Mangyaring magparehistro sa sumusunod na link upang makadalo: <https://register.gotowebinar.com/register/3711638292772042509>

3

### ANO ANG AB 617?

Maaaring isa ang AB 617 sa mga pinakamabisang regulasyon sa kalidad ng hangin sa nakaraang 35 taon. Iniaatas ng AB 617 sa mga lokal na air district na dagdagan ang kanilang pagtuon sa lokal na polusyon sa hangin sa mga dumaranas na komunidad.



Pinasa ang AB 617 bilang pagsisikap na tumugon sa pagkakaiba ng lokal na polusyon sa hangin. Iniaatas ng batas na makipagtulungan ang California Air Resources Board sa mga miyembro ng komunidad, mga air district at iba pang piling lokasyon mula sa buong estado kung saan ang mga komunidad ay maaaring makipagtulungan sa mga lokal na air district upang bawasan ang polusyon sa hangin. Ang mga pangunahing kahingian para sa pagpili ng komunidad ay ang mataas na pagkakalantad sa polusyon sa hangin at kahinaan sa polusyong iyon, na kadalasan ay dala ng mga salik na sosyo-ekonomiko. Sa Bay Area, marami sa mga komunidad na nakararanas ng matataas na antas ng hindi malusog na hangin ay mga komunidad na may mababang kita at minorityang may kulay. Ang may diskriminasyong paggamit ng lupa at mga polisiya sa transportasyon ay kadalasang naglalagay sa mga komunidad na ito malapit sa mga malaking pinagmumulan ng polusyon sa hangin.

4

### SINO ANG MAAARING MAG-APPLY?

Mga grupo na nakabatay sa komunidad at mga lokal na non-profit (501(c)3) na matatagpuan sa **East Oakland/San Leandro, Eastern San Francisco, lugar ng Pittsburg-Bay Point, San Jose, ang Tri-Valley, at Vallejo** ay maaaring mag-apply sa mga gawad para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad. Kinilala ang mga komunidad na ito noong 2018 sa ilalim

Kung magawaran, ang iyong organisasyon o piskal na isponsor ay kakailanganing ipakita na awtorisado ito na magnegosyo sa Estado ng California.

Maaaring kabilang sa mga kahingian ng insurance ang: kompensasyon sa manggagawa, pangkalahatang pananagutang komersyal, at pananagutan sa pang-negosyong sasakyan.

Ibabahagi ang mga partikular na kahingian sa yugto ng pagkokontrata ng pagbigay ng gawad.

ng proseso ng AB 617 sa pagpili ng komunidad ng Air District para sa ika-2 hanggang ika-5 taon ng programa. Para sa higit pang detalye tungkol sa AB 617 at ang proseso ng pagpili ng komunidad, mangyaring tingnan ang [http://www.baaqmd.gov/~media/files/ab617-community-health/2019\\_0325\\_ab617onepager-pdf.pdf?la=en](http://www.baaqmd.gov/~media/files/ab617-community-health/2019_0325_ab617onepager-pdf.pdf?la=en).

5

## MGA HALAGA AT TAGAL NG GAWAD

May kabuuang \$350,000 ang nakahanda para sa Programang Gawad para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad. Ang pinakamalaking halaga para sa isang indibidwal na gawad ay \$50,000.

Ang lahat ng gawain na pinopondohan ng Programang Gawad Para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad ay inaasahang magsisimula sa Taglagas 2019. Dapat kompletuhin ang lahat ng gawain nang hindi lalampas sa Ika-31 ng Disyembre, 2020.



6

## ANONG URI NG GAWAIN ANG MAAARING PONDOHAN?

Sa mga susunod na ilang taon, makikipagtulungan ang Air District sa mga komunidad na kinilala sa pamamagitan ng AB 617 sa pagdisenyo ng mga programa sa pagbawas ng paglabas ng masamang hangin at/o mga plano sa pagsubaybay ng hangin. Magiging mahalaga para sa mga lokal na komunidad na maging handa sa pakikipagtulungan sa Air District na makituwang sa mga pagsisikap na ito. Popondohan ng mga gawad na ito ang mga gawain na magpapataas sa kakayahan ng komunidad na makipagtulungan sa Air District sa hinaharap.

**Maaaring kabilang sa pinopondohang gawain ang isa o higit pa sa mga sumusunod:**

1. **Pagtatasa ng Mga Pangangailangan ng Komunidad:** Saliksikin kung ano ang mga pangangailangan ng komunidad upang makilahok sa mga talakayan tungkol sa lokal na alalahanin sa kalidad ng hangin at mga potensiyal na solusyon sa antas ng kapitbahayan. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga residente at lider ng inyong komunidad, matuto tungkol at mag-ulat sa mga uri ng estratehiya na tutulong na dagdagan ang pakikibahagi at pakikilahok sa mga pagsisikap na may kaugnayan sa kalidad ng hangin sa iyong komunidad.
2. **Pag-oorganisa sa Komunidad:** Magdisenyo at magpatupad ng mga estratehiya upang i-organisa ang inyong komunidad hinggil sa kalidad ng hangin at/o mga isyu ng hustisya sa kapaligiran. Maaaring kabilang dito ang pagpapaunlad ng pamumuno, pagpapakilos ng komunidad at pagtaguyod ng samahan.
3. **Tunay na Pakikilahok:** Magbigay sa mga komunidad ng mga mapagkukunan at impormasyon upang makabuluhang makilahok sa mga desisyon na makaaapekto sa lokal na kalusugan ng kapaligiran. Magplano ng mga aktibidad na tutulong sa mga komunidad na matuto tungkol sa mga isyu ng kanilang lokal na kalidad ng hangin, siyasatin ang mga punong dahilan ng polusyon sa hangin at ang epekto nito sa mga residente, at kilalanin ang mga ahensya na maaaring tumugon sa kanilang mga alalahanin. Magbigay ng pagsasanay sa adbokasiya. Magpulong ng grupo ng mga miyembro ng komunidad upang matuto hinggil sa AB 617 (mga estratehiya ng pagbabawas ng paglabas at/o pagpapalano ng pagsubaybay sa hangin) Mag-alok ng

pagsasanay sa pamumuno at pangangasiwa. Gumawa ng mga rekomendasyon sa kawani ng Air District kung papaano mapapabuti ang pakikipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad, sanayin ang mga miyembro ng komunidad sa mga programa ng Air District at sa paggawa ng mga desisyon, o ibang estratehiya na makatutulong sa mga komunidad na makipagtulungan sa lokal, rehiyonal, pang-estado at pederal na ahensiya ng pamahalaan.

#### Gawain na Hindi Maaaring Pondohan

- Halaga ng paghahanda o pagsumite ng aplikasyon para sa gawad
- Pagsisikap na matamo ang impluwensiya ng isang politiko o pampublikong opisyal (Lobbying)
- Pagbili ng mga air filter mask
- Pagbili ng mga air monitor
- Mga teknikal na proyekto (hal.: mga proyekto sa pagsubaybay ng hangin at pagmapa ng mga pinagmumulan ng polusyon)
- Mga kampanya para sa donasyon
- Mga aktibidad upang makalikom ng pondo
- Pangangalakal ng mga produkto o teknolohiya upang kumita

Hindi karapat-dapat ang anumang gawain na isinagawa bago ganap na ipatupad ang isang kasunduan ng gawad sa Air District para sa pagpopondo ng Programang Gawad para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Kapitaligiran.



### PAANO MAG-APPLY PARA SA PAGPOPONDO

Para mag-apply para sa pagpopondo ng Proteksyon sa Kalusugan ng Komunidad, dapat magbigay ng tugon ang mga aplikante sa **lahat** ng mga item na nakalista sa checklist sa ibaba. **Hindi susuriin ang isinumiteng impormasyon na hindi tinukoy sa checklist. Kabilang dito ang anumang pahina na lampas sa tinukoy na limitasyon ng pahina.**

#### Mga Kahingian ng Aplikasyon:

- Dapat na double-spaced ang mga aplikasyon, na may minimum na 1-pulgadang margin at font na 12-point.
- Magsisilbi ang Cover Sheet (Apendise A) ng Programang Gawad para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Kapitaligiran ng Air District bilang cover sheet / title page ng aplikasyon.
- Ang pangalan ng aplikante/organisasyon at numero ng pahina ay dapat na nasa bawat pahina ng aplikasyon.
- Dapat na isumite ang mga aplikasyon sa file format na Adobe Acrobat PDF. Dapat i-save ang pangalan ng file ng PDF sa format na ito:  
Pangalan\_Ng\_Iyong\_Organisasyon\_Proposal.PDF
- Hindi tatanggapin ang maramihang pagsusumite ng file.

**Dapat Kabilang sa Mga Aplikasyon ang:**

- **Cover Sheet – Hanggang 1 pahina**

Dapat lagdaan ang Cover Sheet (Apendise A) ng Programang Gawad para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Kapaligiran ng Air District ng isang taong may kapangyarihang legal na gawing may bisa ang iyong organisasyon. Maaaring lagdaan ang mga aplikasyon gamit ang naka-type na pangalan.
- **Pagsasalaysay ng Proyekto – hanggang 5 pahina**
  - **Paglalarawan ng Komunidad** – Magbigay ng maigsing paglalarawan ng inyong komunidad. Isama ang lokasyon nito, mga pangkalahatang hangganan, at anumang iba pang nauugnay na impormasyon na sa tingin ninyo ay makatutulong sa paglalarawan ng inyong komunidad.
  - **Kailangan** – Magbigay ng maigsing paglalarawan ng kung paano mabebenepisyuhan ang inyong komunidad mula sa pagpopondong ito. Ilarawan ang antas ng pakikibahagi sa inyong komunidad o ang diwa na pagkakaroon ng kapangyarihan sa mga proseso ng paggawa ng desisyong pampamahalaan. Sabihin sa amin kung ang komunidad ay nakikilahok sa mga desisyon na nakaaapekto sa kanilang kapaligiran at/o kalusugan.
  - **Buod ng Proyekto** - Magbigay ng malinaw at maigsing buod ng kung paano maitataguyod ng inyong proyekto ang kapasidad ng inyong komunidad na makilahok sa at pamunuan ang pagbabawas ng paglabas at mga proseso ng pagpapalano ng pagsubaybay sa hangin sa hinaharap. Sabihin sa amin kung aling kategorya ng gawain ang pagtutuunan ninyo: *pagtatasa ng mga pangangailangan (needs assessment), pag-oorganisa o pakikilahok.* (Maaaring kabilang ang gawain sa isa o higit pang mga kategorya, ngunit mangyaring sabihin sa amin kung ilang kategorya o mga kategorya ang inyong pagtutuunan.)
  - **Mga Aktibidad** - Magbigay ng buod ng mga aktibidad na sinusuportahan ng proyektong ito. Ilarawan kung paano ninyo isasagawa ang pagtatasa ng mga pangangailangan ng inyong komunidad, kung paano ninyo isasagawa ang pag-oorganisa ng komunidad, at/o kung paano ninyo hihikayatin ang tunay na pakikilahok.
  - **Paano Susukatin ang Tagumpay** - Malinaw na ipahayag ang mga sukatan kung paano susuriin ang tagumpay. Ilarawan ang pamantayan na magpapasya kung natamo ng proyekto ang mga mithiin at layunin nito. Maaaring gamitin ang kombinasyon ng parehong qualitative at quantitative na mga sukatan.
  - **Pakikilahok** – Mangyaring ilarawan ang tinatayang numero ng mga tao na makikilahok sa o magbebenepisyo mula sa proyekto.
- **Badyet ng Proyekto – hanggang 1 pahina**

Magbigay ng kabuuang badyet para sa panukalang proyekto kabilang ang mga gastos sa tauhan, materyales o gamit. Kung ang inyong proyekto ay suportado ng iba pang mga pinagkukunan ng pagpopondo, tukuyin ang ibang mga pinagkukunan at ilista kung ano ang porsiyento ng proyekto na sinusuportahan ng mga karagdagang pagpopondo.



## ISUMITE ANG INYONG APLIKASYON

Dapat na gumawa ang mga interesadong aplikante ng isang account sa Procurement Portal ng Air District at gamitin ang link sa ibaba upang isumite ang mga aplikasyon. **Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na nai-fax, iniliham, ini-email o ipinadala sa koreo.**

Paggamit sa Procurement Portal ng Air District upang isumite ang inyong aplikasyon:

- **Hakbang 1:** Pumunta sa Procurement Portal sa:  
<https://baaqmd.bonfirehub.com/>
- **Hakbang 2: (Para sa mga bagong user lamang)** Sa ilalim ng Login tab, gumawa ng isang Bonfire account sa ilalim ng 'New Vendor Registration.' Punan ang lahat ng puwang at piliin ang 'Create account.' Ipadadala ang isang Account Confirmation Email (Kumpirmasyon ng Account sa Email) sa email address na ibinigay ninyo. Sa sandaling matanggap, buksan ang email at sundin ang mga tagubilin para kumpirmahin ang inyong account.
- **Hakbang 3:** Bumalik sa Bonfire account at gumawa ng isang 'Vendor Record.' Kompletuhin ang lahat ng puwang at piliin ang 'Yes' para sa mga email notification, upang makatanggap ng mga paalala ng mga paparating na nakatakdang petsa, o iba pang angkop na impormasyon na may kaugnayan sa programang gawad para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad.
- **Hakbang 4:** Sa sandaling magawa ang Bonfire account, makaka-access ka sa opsyon ng Programang Mga Gawad sa Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad. Mada-download mo rito ang mga tagubilin ng programang gawad, maa-upload ang inyong natapos na aplikasyon, at makikita ang mga FAQ (mga madalas itanong) na bubuuin at ipo-post sa panahon ng bukas na aplikasyon.
- **Hakbang 5:** Habang naka-log in sa Programang Gawad para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad, piliin ang 'Prepare Submission.' I-upload ang inyong dokumento (ang inyong buong aplikasyon). Sa sandaling maisumite, makatatanggap kayo ng resibo ng pagsusumite at code ng kumpirmasyon.

### Takdang Panahon ng Aplikasyon

Dapat na i-upload sa elektronikong paraan ang mga aplikasyon gamit ang Procurement Portal ng Air District nang hindi lalampas sa **5:00 pm sa Ika-21 ng Hunyo, 2019.**

Tanging mga kompletong aplikasyon na tinanggap sa takdang panahon ang susuriin. Hindi tatanggapin ang mga hindi kompletong aplikasyon.





## PAANO SUSURIIN ANG MGA PANUKALA?

Susuriin ang mga aplikasyon matapos ang takdang petsa ng pagsusumite. Susuriin ang mga karapat-dapat na proyekto at irarango alinsunod sa pamantayan ng pagbibigay ng puntos na inilalarawan sa ibaba.

Pamantayan	Mga Posibleng Puntos
Natutugunan ang mga layunin ng programang gawad	40
Potensiyal ng malaking epekto sa komunidad	25
Benepisyo sa komunidad	25
Nagpakita ng pamumuno	10
<b>KABUUNANG Posibleng Puntos</b>	<b>100</b>

- 1) Natutugunan ang mga layunin ng programang gawad [40 puntos]  
Malinaw na matutulungan ng mga aktibidad ng proyekto ang pagtataguyod ng kapasidad ng isang komunidad na makilahok at mamuno sa hinaharap ng proseso ng pagbabawas ng polusyon sa hangin o pagpapalano ng pagsubaybay sa hangin.
- 2) Potensiyal ng malaking epekto sa komunidad [25 puntos]  
Makaaabot ang proyekto sa malaking bilang ng mga miyembro ng komunidad, at magbubuo ng kamalayan at pakikilahok sa buong komunidad sa mga solusyon sa pagbabawas ng lokal na polusyon sa hangin.
- 3) Benepisyo sa komunidad [25 puntos]  
Magsisilbi ang proyekto sa ipinakitang pangangailangan ng komunidad, hal. sa kasalukuyan ay may limitadong pakikilahok ng komunidad sa paggawa ng desisyon, at lalo na sa mga desisyon na makaaapekto sa lokal na kalidad ng hangin.
- 4) Nagpakita ng pamumuno [10 puntos]  
Nagpakita ang aplikante na nagsilbi sila o kaya nilang magsilbi sa posisyon ng pamumuno sa kanilang komunidad na may kinalaman sa hustisya sa kapaligiran o ibang alalahanin ng komunidad.

10

## KUNG MAKATANGGAP KAYO NG GAWAD

Kung ikaw ay magawaran ng gawad sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad, maghahanda ang kawani ng Air District ng kasunduan ng gawad na magtatakda ng mga tuntunin at kondisyon ng gawad, kabilang ang mga kahingian sa pagsubaybay at pag-uulat.

### Proseso ng Pagkakaloob

Iaanunsiyo ang mga pagkakaloob sa Hulyo 2019. Aabisuhan ng Air District ang mga aplikante sa elektronikong paraan kung napili ang kanilang mga proyekto para sa pagpopondo. Ang paunang pagpili sa pagpopondo ay kabilangan lamang ng paunang pag-apruba. Gayunman, ang panghuling pag-apruba para sa pagpopondo ay magaganap lamang kapag nilagdaan na ang isang kasunduan sa gawad ng parehong ginawaran at ng Air District. Maghahanda ang kawani ng Air District ng mga kasunduan ng mga gawad na nagtatakda ng mga tuntunin at kondisyon ng bawat gawad. Ang mga ginawaran ay legal na obligadong tugunan ang mga partikular na kinakailangan, kabilang ang pag-aabiso sa Air District ng anumang pagbabago sa pagsasagawa ng proyekto at pagsusumite ng mga quarterly na ulat ng progreso at isang panghuling ulat. Kung hindi sumunod ang isang ginawaran sa lahat ng mga tuntunin at kondisyon ng isang kasunduan ng gawad o mabigong tapusin ang mga dapat na ipatupad ng proyekto, maaaring magbayad ang ginawaran ng bahagi o lahat ng iginawad na pagpopondo, at maaaring hindi na maging karapat-dapat na sumali ang ginawaran sa mga programang gawad ng Air District sa hinaharap. Kung ipinagkaloob ng Air District ang isang halaga na iba mula sa halagang hiniling, makikipagtulungan ang kawani ng Air District sa ginawaran upang angkop na iayon ang mga dapat ipatupad, resulta at mga timeline.



Sa pagpapatupad ng kasunduan ng gawad, makakapagsimula na ang ginawaran sa gawain sa mga pinondohang aktibidad nito. Kung magkaroon ng anumang pagbabago sa orihinal na napagkasunduang saklaw ng gawain, dapat makipag-ugnayan ang mga ginawaran sa Air District upang baguhin ang Plano ng Gawain ng Kasunduan sa Gawad.

### Pagbabayad ng Mga Pagpopondong Gawad

Gagawin ang iskedyul ng pagbabayad sa kasunduan ng gawad para sa bawat proyekto. Walang pagpopondo na ilalabas hanggang ganap na maisakatuparan ang kasunduan ng gawad ng ginawaran at ng Air District. Sa pangkalahatan, magaganap ang pagbabayad kada quarter. Ang bawat quarterly invoice ay dapat na kabilangan ng isang ulat ng progreso (tingnan sa ibaba) at katibayan ng paggastos ng pondo, kabilang ang kopya ng anumang resibo. Dapat ipakita ng panghuling ulat ang sapat na pagkompleto ng mga deliverable.

### Mga Ulat ng Progreso

Dapat magsumite ang mga ginawaran ng quarterly na ulat ng progreso at isang panghuling ulat. Dapat kabilang sa mga ulat ang mga resibo para sa anumang gastos at maigsing salaysay na naglalarawan ng progreso tungo sa mga layunin at tunguhin ng proyekto.

Dapat kabilang sa bawat ulat ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga tukoy na kategorya ng programa:

**Pagtatasa ng Mga Pangangailangan:** Isang paglalarawan ng proseso/pamamaraan na ginamit upang mangolekta ng impormasyon tungkol sa mga pangangailangan ng komunidad. Bilang halimbawa: kopya ng mga ginamit na talatanungan; listahan ng mga kinapanayam na indibidwal; buod ng mga tugon sa panayam; at mga rekomendasyon sa mga estratehiya sa hinaharap upang itaguyod ang kapasidad ng komunidad.

**Pag-organisa ng Komunidad:** Isang paglalarawan ng mga ginamit na mga estratehiya sa pag-oorganisa ng komunidad. Dapat kabilang sa mga ulat ang impormasyon gaya ng mga itinurong kasanayan sa pamumuno, bilang ng mga naabot na kalahok, mga epekto sa kamalayan ng komunidad, at nadagdagang interes ng komunidad sa kalidad ng hangin at iba pang isyu ng hustisya sa kapaligiran bilang resulta ng pag-oorganisa sa komunidad.

**Tunay na pakikilahok:** Isang paglalarawan ng mga pinatupad na estratehiya at kung paano nila nadagdagan ang mga oportunidad ng mga komunidad upang makabuluhang makilahok sa mga desisyon na nakaaapekto sa kalusugan ng kapaligiran ng komunidad. Bilang halimbawa, mga resulta ng pagtatasa mula sa mga pagsasanay, bilang ng mga sinanay na indibidwal, at mga partikular na rekomendasyon sa kawani ng Air District.

Ginagamit ang mga panghuling ulat upang pag-aralan ang epekto ng pamumuhunan ng Air District at makatulong sa paghubog ng mga programang gawad sa hinaharap. Gagamitin ang lahat ng ulat upang magbahagi ng impormasyon at itaguyod ang mga tagumpay sa mga ginawaran at sa mas malaking komunidad ng Bay Area.

Ibibigay ang mga format at kinakailangan sa ulat sa mga ginawaran kasama ng mga materyales na ipinagkaloob sa kanila.

### Mga Pagpupulong para sa Pagtitipon ng Mga Ginawaran

Kakailanganin ng mga ginawaran na dumalo sa hindi bababa sa dalawang pagtitipon ng lahat ng mga ginawaran ng Programang Gawad para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Kapaligiran ng Komunidad. Magiging pagkakataon ang mga pagpupulong para maibahagi ng mga ginawaran ang mga karanasan, hamon, at mga natutunang leksiyon. Magbibigay rin ng pagkakataon ang mga pagpupulong na gumawa ng mga rekomendasyon ang mga ginawaran at mag-network sa isa't isa.

## APENDISE A

### Cover Sheet ng Mga Gawad Para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Komunidad

#### I. Aplikante

Pangalan ng Organisasyon: \_\_\_\_\_

Uri:  Organisasyong Nakabatay sa Komunidad  Grupo ng Kapitbahayan  Ibang Non-Profit

Address ng Organisasyon: \_\_\_\_\_

Lungsod: \_\_\_\_\_ Zip Code: \_\_\_\_\_

Website: \_\_\_\_\_ County: \_\_\_\_\_

Pangunahing Indibidwal para sa Pakikipag-ugnayan: \_\_\_\_\_

# ng Telepono: \_\_\_\_\_ Email: \_\_\_\_\_

#### II. Proyekto

Pamagat ng Proyekto: \_\_\_\_\_

Kategorya ng Proyekto (piliin ang lahat ng naaangkop):

Pagtatasa ng Mga Pangangailangan  Pag-oorganisa ng Komunidad  Tunay na Pakikilahok

Kabuuang Halaga ng Proyekto: \$\_\_\_\_\_ Kabuuang Hiniling na Pagpopondo: \$\_\_\_\_\_

***Taong awtorisadong pumasok sa isang pormal na kasunduan sa Air District:***

Ako, si \_\_\_\_\_, ay nagpapahintulot na isumite ang aplikasyon ng gawad na ito at pinatutunayan na ang lahat ng impormasyon ay tama at tumpak na sumasalamín sa saklaw, mga halaga, timeline, at pagiging handa ng pagpopondo ng proyekto.

Lagda: \_\_\_\_\_ Titulo: \_\_\_\_\_